



Gabay sa Alituntunin sa Paggasta ng Premium sa Ilalim ng APS

Fair Trade USA

Bersyon 1.0.0

A. Layunin

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng ideya sa prosesong kailangan sa paggasta ng Fair Trade Premium, at buod ng mga requirement para sa Plano ng Fair Trade Premium at paggasta sa proyekto. Ito ay inilaan lamang bilang panimula at buod ng mga requirement ng Premium. Ang Pamantayan sa Produksiyong Pang-Agrikultura (APS) at mga kaakibat na pamantayan at mga dokumento ng mga patakaran ay dapat i-konsulta upang masiguro ang pagsunod sa lahat ng requirement.

B. Saklaw

Ang dokumentong ito ay naaangkop sa lahat ng entity ng Pamantayan sa Produksiyong Pang-Agrikultura ng Fair Trade USA.

C. Mga Kaugnay na Dokumento

- Pamantayan sa Produksiyong Pang-Agrikultura, Bersyon 1.0.0
- Special Price and Premium Terms, Version 1.0.0

Lahat ng mga impormasyon sa dokumentong ito, kabilang na ang mismong APS, ay maaaring makita sa website ng Fair Trade USA sa Standards Download Center:


<http://fairtradeusa.org/certification/standards/download-center>



Buod ng Proseso ng Paggasta ng Premium


Step 1: Tinutukoy ng May Hawak ng Sertipiko ang mga Fair Trade Premium Participant at nagmumungkahi ng inisyal na istraktura ng Fair Trade Committee (FTC)

Step 2: Ang FTC ay pormal na binubuo at ang unang Pagsusuri ng Pangangailangan ay isinasagawa.



Bago gastahin ang Premium, o pinakamatagal na ang unang taon


Step 3: Ang FTC ay bubuo ng Plano ng Fair Trade Premium batay sa Pagsusuri ng Pangangailangan at pa-aaprubahan sa mga Fair Trade Premium Participant.



Bago gastahin ang Premium, o pinakamatagal na ang sa Ikatlong taon

Step 4: Gastahin ang Premium batay sa mga proyekto sa Plano ng Fair Trade Premium

Tuloy-tuloy: I-update ang Pagsusuri ng Pangangailangan, Plano ng Premium, at pamamahala ng Premium, ayon sa pangangailangan



Tuloy-tuloy

Ang Plano ng Fair Trade Premium

Ang paggasta sa Premium ay dapat ayon sa Plano ng Premium na binuo ng Fair Trade Committee (FTC) (tingnan ang Pamantayan sa Pagsunod [1.2.2.a](#) ng APS para sa impormasyon sa istraktura ng Plano ng Premium).

- Ang bawat proyekto ay dapat **palaging** malinaw na naka-link sa pangangailangan na tinukoy aa Pagsusuri ng Pangangailangan (tingnan ang Pamantayan sa Pagsunod [1.2.1.a](#) ng APS para sa impormasyon sa Pagsusuri ng Pangangailangan).
- Ang paggasta ay dapat sumusunod sa [Special Price and Premium Terms](#).
- Ang paggasta ay dapat sumusunod sa Mga Alituntunin sa Paggasta ng Premium, sa [Annex C](#) ng APS.

Ang Plano ng Premium ay dapat aprubado ng mayorya ng mga Premium Participant.

Ang Plano ng Premium ay dapat ina-update taun-taon.



- Ang update ay maaaring kasama ang pagsusuri ng progreso at resulta ng anumang proyektong Premium, at anumang mga update sa Pagsusuri ng Pangangailangan

Buod ng mga Patakaran sa Paggasta ng Premium

Ito ay buod ng mga Patakaran sa Paggasta lamang. Hangad nito ang i-highlight ang mga sitwasyon kung saan mayroong mga espesyal na mga patakaran sa paggasta, ngunit hindi kabilang ang buong detalye ng mga patakarang ito. Paki-tingnan ang [Annex C](#) ng APS para sa kumpletong mga Alituntunin sa Paggasta ng Premium.

Anong uri ng mga proyekto ang maaaring paggastahan ng Fair Trade Premium?

Ang Premium ay maaaring gamitin upang pondohan ang anumang proyekto na naglalayong matugunan ang pangangailangan na natukoy sa Pagsusuri ng Pangangailangan. Kabilang sa mga uri ng proyekto na may mga partikular na paghihigpit ay:

Pera o in-kind na bayad: Hanggang 50% lamang ng premium ang maaaring ibayad bilang pera o cash o in-kind na kalakal sa mga Premium Participant.

Pamumuhunan on-site: Walang paghihigpit sa mga pamumuhunan on-site sa mga Maliliit na Sakahan at Pasilidad. Para sa mga pamumuhunan on-site na nananatiling pag-aari ng may-ari ng Katamtamang Laki o Malaking Sakahan o Pasilidad, o ang May Hawak ng Sertipiko, hanggang 20% lamang ng Premium ang maaaring gamitin sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

- Ang pamumuhunan ay maaari lamang sa pabahay, labahan, hardin, pasilidad na libangan, o ibang mga pasilidad na pangunahing ginagamit ng at nakikinabang ang mga manggagawa;
- Ang FTC ay dapat rehistrado bilang isang ligal na organisasyon sa ilalim ng alituntunin na nasa Pamantayan 1.2.4.c;
- Ang May Hawak ng Sertipiko o employer ay dapat tapatan (man lamang) ang halaga na ipinuhunan mula sa Premium;
- May kontrata sa pagitan ng FTC at ng May Hawak ng Sertipiko/may-ari na hilingin na ibalik ng May Hawak ng Sertipiko/may-ari ang halagang ipinuhunan (na-adjust ayon sa pagbaba o pagtaas ng halaga ng ari-arian) sa FTC kung sakaling maibenta ang pasilidad o mawalan ng sertipikasyon; at,
- Ang pamumuhunan ay lampas sa hinihingi ng APS at sa ilalim na naaangkop na batas.

Mga pangangailangan sa negosyo at mga gastos ng pagsunod: Ang Premium ay maaaring gastahin sa anumang pangangailangan sa negosyo o gastos sa pagsunod ng mga Maliliit na Sakahan at Pasilidad, at mga lugar na pag-aari ng democratically-controlled na mga organisasyon ng maliit na magsasaka. Ang Premium ay hindi kailanman maaring gamitin para sa gastusin sa pagsunod ng Katamtamang Laki o mga Malalaking Sakahan at Pasilidad.

Upa sa Sertipikasyon: Maaring gamitin ng mga democratically-controlled na mga organisasyon ng maliit na magsasaka ang Premium upang pondohan ang anumang upa sa sertipikasyon. Ang mga Sertipiko na binubuo ng mga Maliliit o Katamtamang Laki na mga Sakahan at Pasilidad ay maaaring ipambayad ang



hanggang 50% ng Premium para sa upa sa sertipikasyon lamang. Ang mga Malalaking Sakahan at Pasilidad ay hindi kailanman maaaring gamitin ang Premium na pambayad ng upsa sa sertipikasyon.

Pinahihintulatang Paggasta upang masuportahan ang programa ng Fair Trade

Ang pondo ng Premium ay maaaring gamitin para sa mga partikular na gastusin upang suportahan ang programa ng Fair Trade. Ang mga gastusing ito ay dapat kasama sa Plano ng Fair Trade Premium at inaprubahan ng mga Premium Participants. Kabilang sa mga uri ng paggasta na pinahihintulutan ay ang:

- Biglaang pangangailangan at/o opsyonal na paggasta ng FTC. Ang alituntunin sa paggamit ng pondo ay dapat binalangkas sa Konstitusyon ng FTC.
- Ang mga partikular na gastusin sa Pangkalahatang Pagtitipon at kompensasyon ng mga miyembro ng FTC para sa pagbiyahe at paglahok sa mga pagpupulong ng FTC. Ang mga partikular na alituntunin ay binalangkas sa [Annex B](#) ng APS.
- Pag-upa ng tauhan para sa administratibong gawain upang tulungan ang FTC.
- Gastusin ng pamamahala ng Premium, kabilang na ang bayad sa banko, wire transfer, buwis, at pinansyal na audit.
- Upang pondohan ang partikular na pagsasanay na isinasagawa ng third party, kabilang ang pagsasanay ng mga miyembro ng FTC bilang kailangan sa Layunin 1.1.4, pagsasanay sa maloti na magsasaka bilang kailangan sa Layunin 1.3.1, at pagsasanay ng mga miyembro ng Social Engagement Team bilang iminungkahi sa Pamantayan 3.7.3.b.

